Morpolohikal na Pagsusuri sa Wikang Buhid sa Barangay Naibuan: Batayan sa Pagbuo ng Isang Diksyunaryo

Feliciana D. Enriquez, Jovina L. Enriquez,
Josephine U. Estipona, Jackielyn S. Ortal
Sentro ng Wika at Kultura – San Jose Campus
efeliciana300@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag- aaral na ito ay naglalayong masuri ang morpolohikal na aspekto ng wikang Buhid, matukoy ang mga panlaping ginagamit bilang: makangalan, makauri, at makadiwa, maisa-isa ang mga pagbabagong morpoponemikong nagaganap wikang Buhid at makabuo ng lunsaran ng mga halimbawang salita ng wikang Buhid sa paglalapi. Ang naging tuon ng pag-aaral na ito ay ukol lamang sa morpolohiya ng Buhid Mangyan mula sa Barangay Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro. Bago simulan ang pag-aaral dumaan ang mga mananaliksik sa NCIP, sumangguni sa punong-barangay ng Naibuan. Gumamit ang mga mananaliksik ng deskriptibong kwalitatibong pananaliksik kaya gumamit ng di-binalangkas na pakikipanayam. Ginamit din ang *purposive sampling* sa 15 kalahok na mga katutubong Buhid at nagsasalita ng nasabing wika, Sa pangangalap ng datos gumamit ng mula sa KWF, nagrekord ng mga bigkas na salita at usapan ng mga kalahok nang may pahintulot, nagsagawa rin ng *focus group discussion* upang kumpirmahin ang mga nakalap na datos

Napag-alaman may natatanging morpemang morpemang malaya (salitang-ugat) at 'di-malaya (panlapi) ang wikang Buhid na hindi karaniwan sa wikang Filipino. Sa paraan ng pagbuo ng mga salita mayroon itong paglalapi at pag-uulit, ngunit walang nakitang tambalang-salita. Ang mga naitalang panlaping makangalan ay fag-, ka-...an, taga-, at -on. Samantala sa panlaping makauri naman ay karaniwang *ma-* tulad sa wikang Filipino, at ka-...wan ginagamit upang ipakita ang kasidhian. Sa panlaping makadiwa naman mayroong na-, ma-, ag-, -um-, fag- at -an. Natuklasan ang padron sa aspekto ng pandiwa kapag nasa aspektong perpektibo ay gumagamit nga panlaping na-, aspektong imperpektibo na gumagamit ng panlaping ag- at para sa kontemplatibo na gumagamit ng panlaping ma-. Ang mga pagbabagong morpoponemikong nalaman ay pagkakaltas, pagpapalit ng ponema at pag-uulit. Kapansin-pansin ang nga panlaping fag-, -wan, ag- at an, ang mga nasabing panlapi ay hindi karaniwan sa Wikang Filipino.

Keywords*: Morpolohikal, wikang katutubo, Buhid*
SDG: *Quality Education, Gender Equality*

PANIMULA

Ayon sa pananaliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (2024), ang wikang Buhid ay kabilang sa 42 katutubong wika na nasa kategoryang di-ligtas (salik 3), kaya nararapat na magkaroon ng patuloy na pag-aaral dito upang matukoy ang mga paraan upang mapanatili ito sa pamamagitan ng pagdodokumento ng kanilang wika at patuloy na magamit ng mga susunod na salinlahi, at makabuo ng mga paraan sa pagpapaunlad nito.

Ang pag-aaral ukol sa Isang Morpolohikal na Pagsusuri sa Wika ng Katutubong Buhid ay may layuning masuri, mailarawan at maidokumento ang morpolohikal na estruktura ng wikang Buhid Mangyan bilang hakbang sa pagpapanatili ng isa sa katutubong wika na maituturing na mahalagang bahagi ng pambansang pamanang kultural at linggwistiko.

Ang resulta ng pananaliksik na ito at magsisilbing batayang sanggunian sa pagdisenyo ng kagamitang panturo bilang integrasyon ng wika at Kultura ng katutubong komunidad sa asignaturang Filipino, na nakaangkla sa adhikain ng isang inklusibong edukasyon

Kaugnay nito, ang pananaliksik ay kaakibat ng tungkulin ng Sentro ng Wika at Kultura batay sa madato ng KWF (Komisyon ng Wikang Filipino) na pagyabungin ang wikang Filipinomaging ang katutubong wika.Sa kabuuan ito at pagtalima sa pagpapatupad ng IPRA (Indigenous Peoples' Rights Act of 1997), ang pagpapahalaga at pag-susuri sa wikang Buhid Mangyan at tugon sa sa pagsusulong ng Inclusive Nation Building.

Sa kabila ng mga bagong pagsisikap tulad ng Buhid Trilingual Dictionary Project ng UP Linguistics at digital na diksyunaryo para sa ibang wikang katutubo (tulad ng Hanunuo at Marayum), limitado parin ang pa rin ang mga pag-aaral kaugnay ng katangian ng Buhid bilang lingguwistikong batayan sa pagbuo ng ganitong uri ng diksyunaryo (UP Linguistics, 2024; DOST, 2021; Inquirer, 2020). Ang pananaliksik na ito ay may layuning tugunan ang gap na ito sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa morpolohikal na aspekto ng Wikang Buhid upang magkaroon ng tiyak na balangkas ng mga morpema, paraan ng paglalapi , at istruktura ng salita na magsisilbing sanggunian sa pagbuo ng isang diksyunaryo. Layunin nitong: (1) Masuri ang morpolohikal na aspekto ng wikang Buhid ; (2) Matukoy ang mga panlaping ginagamit bilang: makangalan, makauri, at makadiwa; at (3) Maisa-isa ang mga pagbabagong morpoponemikong nagaganap wikang Buhid partikular sa a terminong kultural na pangkabuhayan tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingisda at paghahayupan batay sa Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP)t (4) Makabuo ng lunsaran ng mga halimbawang salita ng wikang Buhid sa paglalapi.(5) Makabuo ng diksyunaryong Buhid batay sa mga salitang pangkultura, pangkabuhayan, at anyong morpolohikal para sa dokumentasyon at pagpapanatili ng wika.

Ang pag-aaral na ito ay makapagbibigay ng natatanging kontribusyon ukol sa pagpapalawak ng kaalaman sa larangan ng linggwistika, na nagbibigay diin sa morpolohiya ng wikang Buhid sa Pilipinas, Gayundin nagbibigay ito ng matibay na saligan para sa pagbuo ng angkop na mga materyales na makatutulong sa dokumentasyon, pagtuturo, at pagpapanatili ng Wikang Buhid.

PAMAMARAAN

Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral na ito ng etnolingguwistiko, deskriptibong kwalitatibong disenyo ng pananaliksik upang masuri ang morpolohikal na sistema ng wikang katutubong Buhid at ang ugnayan nito sa kultura at kabuhayang pamumuhay ng mga katutubong tagapagsalita.

Lokasyon ng Pag-aaral

Isasagawa ang pag-aaral sa pamayanang Buhid. Barangay Naibuan sa bayan ng San Jose, Occidental Mindoro. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay mga katutubong tagapagsalita ng wikang Buhid na nagmula sa bawat Sitio ng Pamayanang Buhid sa nasabing Barangay., kabilang ang mga nakatatanda, magsasaka, mangingisda, mangangaso, at mga indibidwal na may malalim na kaalaman sa *Indigenous Knowledge Systems and Practices (IKSP)* ng kanilang komunidad.

Ang pagpili ng mga kalahok ay gagamit ng *purposive sampling*, kung saan pipiliin ang mga respondente batay sa kanilang kakayahang magbigay ng tumpak at makabuluhang datos hinggil sa wika at kulturang Buhid. Ang bilang ng mga kalahok ay tutukuyin batay sa sapat na representasyon ng mga terminong kultural at pangkabuhayan na kinakailangan sa pagsusuri.

Yunit ng Pagsusuri at Pagpili ng Sampol

Ang pag-aaral ay isasagawa sa mga lugar na pangunahing sinasalita ang mga wikang Buhid partikular sa Barangay Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro. Ang mga impormante ng pag-aaral ay binubuo ng labinlimang (15) matatandang residente na nasa edad apatnapung (40) taong gulang pataas sa komunidad na bihasa sa paggamit ng wika at karanasan sa paggamit ng kanilang sariling wika. Ayon kay Nikolopoulou (2023), ang purposive sampling ay isang pamamaraang umaasa sa pagpapasya ng mananaliksik sa pagkilala at pagpili ng mga indibidwal, kaso, o pangyayari na maaaring magbigay ng pinakamahusay na impormasyon upang makamit ang mga layunin ng pag-aaral. Kaya gumamit ng purposive sampling ang mananaliksik upang matiyak na may sapat na kaalaman at karanasan ang mga kalahok.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pakikipanayam. Ginamit ng mananaliksik ang wordlist mula sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) sapagkat ito ay akma at tumutugon sa pamantayan ng pagsasalin at nagkaroon ng balidasyon. Sa hangaring makuha ang diwa ng mga salita, gumamit ang mananaliksik ng voice recorder upang mairekord ang mga salita batay sa pagkakaiba ng pagbigkas ng mga salita. Papakinggan muli ng mananaliksik at ilalapat sa papel. Ipapakita ang mga nalikom na mga terminolohiya sa pamumuhay batay sa pangingisda, pagsasaka, at paghahayupan. Matapos ang pagpapasagot ng talatanungan, nilikom at pinagsama-sama at sinuri ang mga sagot ng mga tagatugon. Isinagawa rin ang focus group discussion (FGD) pangkatang talakayan o ‘group discussion’.

Pangangalap ng Datos

Bago isagawa ang pangangalap ng datos, hihingi ng malayang pahintulot (informed consent) mula sa mga sa Pambansang Komisyon sa mga Katutubong Mamamayan (NCIP), punong-barangay ng Barangay Naibuan, kinatawan ng bawat Sitio ng barangay,mga katutubong kalahok sa pag-aaral. Ipinalam sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang boluntaryong

paglahok, at ang karapatan nilang umatras anumang oras nang walang kaparusahan. Gayundin tiniyak ang mga datos na makukuha ay mananatiling kumpidensyal. Ito rin ay nakabatay sa prinsipyo ng Gender and Development (GAD), na isasaalang-alang ang pagkakapantay-pantay, paggalang, at inklusibong partisipasyon ng anumang kasarian. Magiging sensitibo sa paggamit ng wika, walang diskriminasyon, at bibigyang-halaga ang dignidad at karapatan ng lahat ng kalahok.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng pakikipanayam, ginamit ang 'di-binalangkas na pakikipanayam sa mga kalahok upang makuha ang mga salitang Buhid Mangyan at ang kanilang kahulugan, gamit, at kontekstong kultural. Gayundin pangangalap ng mga salita gamit ang wordlist mula sa KWF ng gayundin bilang karagdagan ang mga termino na may kaugnayan sa pagsasaka, pangangaso, pangingisda, at paghahayupan upang matukoy ang mga panlapi at prosesong morpolohikal na ginagamit sa wikang Buhid.. Isinagawa rin ang aktwal na pagmamasid sa paggamit ng wika sa likas na konteksto ng komunidad upang matiyak ang pagiging awtentiko ng datos.

Pagproseso at Pagsusuri ng Datos

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng morpolohikal na pagsusuri at tematikong pagsusuri. Ang mga nakalap na datos ay sasailalim sa sistematikong pagsusuri gamit ang mga sumusunod na hakbang:

1.Morpolohikal na Pagsusuri – Isasagawa ang morpheme segmentation upang matukoy ang ugat ng salita at mga panlaping ginagamit bilang makangalan, makauri, at makadiwa.
2.Pagkilala sa mga Padron – Tutukuyin ang mga padron ng paglalapi at mga pagbabagong morpoponemikong nagaganap sa wikang Buhid.
3.Pag-uuri at Pagdodokumento – Isaayos ang mga salita batay sa uri ng panlapi at tungkuling morpolohikal, at ilalahad ang mga ito sa anyo ng mga talahanayan, morpema matrix, at halimbawang salita. Gayundin ang ibang mga datos mula sa pakikipanayam ay gagamitan ng tematikong pagsusuri batay sa layunin ng pag-aaral.
4.Triangulation – Patitibayin ang resulta sa pamamagitan ng paghahambing ng datos mula sa panayam, lexical elicitation, at obserbasyon upang matiyak ang pagiging balido at mapagkakatiwalaan ng pagsusuri.

Mga Etikal na Isinaalang-alang

Binigyang-puwang ang ilang etikal na pagsasaalang-alang upang mabigyang halaga at maprotektahan ang Karapatan,kapakanan, kulturan at pagkakakilanlan ng mga kalahok. Dahil ang mga kalahok sa nasabing pag-aaral ay mga katutubo ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa NCIP at inindorso ito sa NCIP regional office kalakip ang mga dokumentong nagpapahayag ng Magandang layunin ng pag-aaral ttungo sa pagpapanatili ng katutubong wikang Buhid.

Kasabay ng pag-apruba ng NCIP fregional office ang pagsasagawa ng Free, Prior and Informed Consent (FPIC) Process na pinagunahan ng kawani ng NCIP provincial office upang ito ay maging sistematiko at maging madali. Tinalakay ng mga mananalik ang layunin,pamamaraan,saklaw at ang kahalagahan ng pag-aaral sa kanilang komunidad. Kasbay nito ang pagtalakay ng mga kawani ng NCIP ukol ang mga Karapatan, mga gabay na panuntunan,hakbangin ng mga katutubo sa mga pagkaaktaon na sila ay nasasamantala.

Ang mga kalahok ay binigyan ng pagkakataon na makapagtanong ukol sa mga mahahalagang detalye ng pag-aaral. Binigyang-daan ang kanilang opinyon, reaksiyon maging ang pagpapasya ayon sa sariling kalooban. Sa proseso ng pangangalap ng datos. Tiniyak ng mananaliksik na ang pangangalap at pagsusuri ng datos ay may kaakibat na paggalang sa mga karapatan, kultura, kaalaman at napagkasunduang panuntunan ng komunidad.

Binigyang-diin ng mga mananaliksik ang boluntaryong pakikisangkot ng mga kalahok, ang pagpapahalaga sa kumpidensiyalidad ng anumang impormasyong ibinahagi at ang mahalagang ambag ng bawat isa sa ginagawang pag-aaral ukol sa katutubong wikang Buhid.Sa huli tiniyak na nag lahat ng impormasyong nakalap ay gagamitin lamang sa itinakdang layunin ng nasabing pag-aaral.

PAGTALAKAY NG RESULTA

Sa bahaging ito tatalakayin ang morpolohiyang taglay ng wikang Buhid. Ang morpolohiya ay isang sangay ng pag-aaral sa linggwistiks, morpema ang tawag sa pinakamaliit na yunit ng isang salita na nagtataglay ng kahulugan, Suazo, (2023).

Talahanayan 1. Mga Salitang-ugat na natukoy sa wikang Buhid

Wikang Buhid	Wikang Filipino
mangwan	kain
walong	mukha
sirang	araw
fiya	ganda
dahol	laki
manginom	inom
gugas	hugas
surat	sulat
fuyot	pulot
fayay	palay
yabi	gabi
siho	siko
nahaw	nakaw
dalan	daan
liya	luya
fili	pili
bawang	bawang
bungol	laro
tama	luto
bakbak	laba
aywan-aywan	marami
bilog	katawan
sila	pagtatalik

Talahanayan 2. Mga Paraan ng Pagbuo ng Salita (ilagay din sana ang salitang ugat)
Bago ang proseso

Salitang Buhid	**Proseso**	**Pagsusuri**	**Kahulugan**
mananom	paglalapi	ma + tanom (unlapi)	magtanim
tumanum	paglalapi	-um- + tanum (gitlapi)	nagtanim
sayakan	paglalapi	sayak + -an	hanapan
agbungolan	paglalapi	ag+bungol+an (laguhan)	naglalaro
tuhay tuhay	pag-uulit	tuhay-tuhay	iba-iba
dahol dahol	pag-uulit	dahol-dahol	pinakamalaki

Talahanayan 3. Morpemang makangalan ILagay natin ang salitang ugat

Panlapi	Salitang Buhid	Wikang Filipino	Gamit
kag	kag+bungol kag+surat kag+fasali	manlalaro manunulat tindero	nangngahulugang taong gumagawa ng kilos
taga	taga+tama taga+ugas	tagaluto taga-ugas	nangngahulugang taong gumagawa ng kilos
-an	lahawan aladan agadudan	lakaran kulungan sakahan	tumutukoy sa lugar na pinagganapan o lugar
ka-… -nan	kagurangunan	matatanda	ginagamit upang paramihin ang isang tao o bagay

Talahanayan 4. Morpemang makauri

Panlapi	Salitang Buhid	Wikang Filipino	Gamit
ma-	matayum maniwang madali malakbong	matalim mapayat mabilis mataba	mula sa pangngalan dinaragdag ito upang maging pang-uri ang salitang ugat
ka-…-wan	kadahulwan	mas malaki o pinakamalaki	ginagamit upang ipakita ang kasidhian
-on	gurangon	matanda	tumutukoy katangian ng tao

Talahanayan 5. Morpemang Makadiwa

Panlapi	Salitang Buhid	Wikang Filipino	Gamit
ka-…-wan	**ka**dahul**wan**	lumalaki	dinaragdag ito upang ipakita ang proseso
-an	tarabang**an**	pagtutulungan	
fag-…-on/an	fagbungolan fahlahawan fagfilian	paglalaro paglalakad pagpili	ginagamit sa ginagawang kilos

Fag	Fagmadali	bilisan	Ginagamit rin upang ipakita ang utos
namasa	na- + basa	nagbasa	na- – nagpapahiwatig ng aspektong perpektibo
agbasa	ag- + basa	nagbabasa	ag- – nagpapahiwatig ng aspektong imperpektibo
mamasa	ma- + basa	magbabasa	ma- – nagpapahiwatig ng aspektong kontemplatibo
nananum	na- + tanum	nagtanim	na- – nagpapahiwatig ng imperpektibong kilos
agtanum	ag- + nanum	nagtatanim	na- – nagpapahiwatig ng imperpektibong kilos

Talahanayan 6. Mga pagbabagong morpoponemiko

Salitang Buhid	Salitang ugat	Pagbabagong Morpoponemiko	Pagbabago
namasa	basa	paglalapi + pagpapalit ng ponema sa unang salita	b → m
mamili	fili	paglalapi + pagpapalit ng ponema sa unang salita	f → m
mamasa	basa	paglalapi + pagpapalit ng ponema sa unang salita	b → m
nananum	tanum	paglalapi + pagpapalit ng ponema sa unang salita	t→ n
namyagos	pyagos	paglalapi + pagpapalit ng ponema sa unang salita	p → m
mangyagos	pyagos/yagos	paglalapi + pagpapalit ng ponema sa unang salita	py- → y-

Talahanayan 7. Mga Kategoryang Gramatikal

Salitang-ugat	Morpemikong Hati	Nabuong Salita	Kahulugan	Uri ng Salita	Proseso
fiyaon	fiyaon	fiyaon	ganda	Pangngalan	Salitang-ugat
fiyaon	ka- + fiyaon	kafiyaon	maganda	Pang-uri	Paglalapi
fiyaon	fag + fiya + reduplikasyon	fag fiyafiya	gumaganda	Pandiwa	Paglalapi +pag-uulit

PAGTALAKAY

Sa talahanayan 1, makikita ang wikang Buhid at salitang ugat nito na may salin sa Filipino. Unang mapapansin ay ang malayong katumbas na salita sa wikang Filipino ng wikang Buhid tulad ng mangwan na ibig sabihin ay kain, walong na ibig sabihin ay mukha, sirang para sa araw at fiya para sa salitang ganda sa Filipino, patunay na may katangi-tanging salita ang wikang Buhid. Ikalawa, makikita rin simpleng ang pagpapalit ng ponema sa unahan at gitna, halimbawa hugas na naging gugas sa wikang buhid, fili para sa pili, yabi mula sa gabi, siho para sa siko, nakaw sa nahawluya at liya. Ikatlo, ang mga salitang may katumbas sa Pilipino ngunit malayo sa kahulugan nito, halimbawa bungol para sa laro, bakbak para sa laba, bilog para sa katawan.

Ang paraan ng pagbuo ng salita karaniwan na ang paglalapi ng mga salita na may iba't ibang gamit. Makikita ring nagtataglay ang wikang Buhid ng mga panlaping unlapi, gitlapi, hulapi at laguhan. May pailan-ilang pag-uulit ng salita bilang pang-uri upang pinakita ang kasidhian ng isang bagay, tao o konsepto. Samantala, walang naitalang salita na tambalan o dalawang salitang pinagsama.

Ipinapakita naman sa Talahanayan 4 na sa wikang Buhid , ang paggamit ng pahambing at pasukdol ay iisa lamang, tulad ng nasa halimbawa sa talahanayan. Karaniwan sa wikang ito ang paggamit ng panlaping ma- upang ipakita ang paglalarawan. Maiuugnay ang panlaping ma- ng wikang Buhid ay makikita rin sa wikang Isama tulad ng magiku (magtawa), matanak (mawala) batay sa pag-aaral ni Jubilado (2021). Gayundin ang paggamit ng gitlaping -um, dumagan (magtakbo).

KONGKLUSYON

1. Napag-alaman sa pananaliksik na ito na bukod sa morpemang malaya nagtataglay ng morpemang 'di malaya na 15 panlapi, ito ay makikita sa unahan, gitna at hulihan. Bukod sa paglalapi kakikitaan din ito ng pag- uulit ng salitang ganap samantala walang naitalang tambalang-salita.
2. Ang mga naitalang panlaping makangalan ay fag-, ka-...an, taga-, at -on. Samantala sa panlaping makauri naman ay karaniwan ang ma- tulad sa wikang Filipino, at ka-...wan. Ang mga panlaping makadiwa sa wikang ito na-, ma-, ag-, -um-, fag- at -an.
3. Nakita rin ang padron sa aspekto ng pandiwa sa wikang Buhid kapag nasa aspekto perpektibo ay gumagamit nga panlaping na-, aspektong imperpektibo na gumagamit ng panlaping ag- at para sa kontemplatibo na gumagamit ng panlaping ma-. Ang mga pagbabagong morpoponemikong nakita ay pagkakaltas, pagpapalit at pag-uulit.
4. Kapansin-pansin ang nga panlaping fag-, -wan, ag- at an, ang mga nasabing panlapi ay hindi karaniwan sa Wikang Filipino.

Sa kabuoan, napatunayan na ang wikang ito ay nagtataglay ng katangi-tanging paraan sa pagbuo ng mga salita.

REKOMENDASYON

1. Inirerekomenda ang pagbibigay ng karagdagang panahon sa pananaliksik upang higit na mapalawak ang talaan ng mga salita sa wikang Buhid.
2. Inirerekomenda rin ang pagsasagawa ng hambingang pagsusuri sa iba pang katutubong wika sa Mindoro upang higit na matukoy at mailarawan ang mga natatanging katangian at paraan ng pagbuo ng salita sa wikang Buhid.
3. Pag-aralan pa ang gamit ng panlaping fag- at wan- batay sa pagkakagamit sa pangungusap.
4. Magkaroon pa ng pangangalap ukol sa panlaping makauri.

MGA SANGGUNIAN

Bacalla, (2020). Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 8, No. 4, November 2020.

Jubilado, R. C. (2021). Comparative Ergative and Accusative Structures in Three Philippine Languages. Southeastern Philippines Journal of Research and Development, Vol. 26, No. 1

Lazo, J. G. (2019). Parsyal na Deskripsyon ng Ponemang Segmental at Varayti ng Wikang Taubuid Mangyan: Isang Etnolinggwistikong Pag-aaral. The PASCHR Journal, 1(1).

Gorumba. J. (2021). Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development ISSN 2782-8557 (Print) | Vol. 9, No. 1, March 2021

Samarca (2023), INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES IJAMS Volume III, Issue 7 July 2023 Pwede bang katulad Narin ito ng iba small letter lang ang iba

Tugas A., et al. (2022). The Archive Vol. 3 Nos. 1–2 (2022)